

# Isang Linggo ang Natitira

---

Release Date: December 3, 2020

*Ang mga Nakaligtas sa Sunog ay Dapat Tumawag sa FEMA Helpline o bumisita sa [DisasterAssistance.gov](https://www.DisasterAssistance.gov) sa Dis. 11*

SACRAMENTO, Calif. – Mayroon na lang isang linggong natitira upang mag-aplay sa mga paggawad mula sa FEMA o mga may mababang-interes na mga pautang sa sakuna mula sa Pangasiwaan sa mga Maliliit na Negosyo ng U.S. (U.S. Small Business Administration) ang mga indibidwal at mga sambahayan na may pagkawala dahil sa mga sunog noong Agosto/Setyembre sa mga lalawigan ng Butte, Lake, Lassen, Mendocino, Monterey, Napa, San Mateo, Santa Clara, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Stanislaus, Trinity, Tulare at Yolo. Ang huling araw ay sa Dis. 11.

Ang mga lalawigan na ito ay kasama sa pederal na Disaster 4558, na unang idineklara noong Agosto 22 para sa pitong lalawigan at sumunod na pinalawak.

Ang mga gantimpala mula sa FEMA ay tumutulong sa mga karapatdapat na mga nakaligtas upang makapagbayad ng upa, pag-aayos/pagpapalit sa bahay at marami pang ibang malubhang pangangailangan na kaugnay ng sakuna, kasama na ang pagpapalit o pag-aayos ng mga sasakyan, mga gastos sa pagpapalibing, mga gastos pang-medikal at pang-ngipin at iba pang sari-saring mga gastos. Upang mabayaran ng FEMA, kailangang kunan ng litrato ang mga pinsala ng mga nakaligtas at ipunin ang mga resibo para sa mga gawaing pag-aayos.

Kailangang makipag-ugnay ang mga nakaligtas sa kanilang mga taga-seguro at maghain ng paghahabol para sa mga pinsala na dulot ng sakuna bago magparehistro sa FEMA. Sinuman na may seguro ay dapat magparehistro sa FEMA kahit hindi sila sigurado na magiging karapatdapat. Ang FEMA ay maaaring makatulong sa mga gastos na hindi sasakupin ng seguro.

Malalaman ng ahensya ang pagiging karapatdapat oras na ang paghahabol sa seguro ng aplikante ay mapagkasunduan—ngunit walang babayaran ang FEMA sa mga hindi nakapagparehistro noong huling araw ng Dis. 11 para sa mga nagtamo ng pagkawala sa mga sunog kasama na ang CZU Lightning Complex,



SCU Lighting Complex, August Complex Fire, LNU Lightning Complex, North Complex, Sheep, Dolan at SQF Complex.

May tatlong paraan para makapagparehistro: sa online sa [DisasterAssistance.gov](https://www.DisasterAssistance.gov), sa [FEMA Mobile App](#) na nasa isang smartphone o tablet, o sa pagtawag sa FEMA Helpline sa 800-621-3362 (TTY 800-462-7585) sa pagitan ng 7 ng umaga at 8 ng gabi PST. Ang mga gumagamit ng isang relay service tulad ng isang videophone, InnoCaption o CapTel, ay dapat magbigay sa FEMA ng partikular na numero na itinalaga sa serbisyo kapag sila ay nagparehistro. Magagamit ang serbisyo para sa iba-ibang wika sa helpline at ang mga espesyalista ay makakatugon sa karamihan sa mga katanungan tungkol sa tulong at rehistrasyon sa FEMA.

Upang makapagparehistro, kakailanganin mo ang mga sumusunod na impormasyon:

- Numero ng Social Security
- Impormasyon sa polisa ng seguro
- Lugar ng nasirang primerang tirahan
- Isang paglalarawan ng pinsala at pagkawala dulot ng sakuna
- Ang kasalukuyang lugar na pinadadalhan ng koreo
- Ang kasalukuyang numero ng telepono
- Kabuuang taunang kita ng sambahayan
- Numero ng routing at account ng iyong checking o savings account (para sa diretsong paglipat ng mga pondo sa iyong bank account)

Pagkatapos mong magparehistro sa online o sa FEMA app, maaari kang gumawa ng sarili mong account. Ito ay magagamit mo sa pagsuri ng katayuan ng iyong aplikasyon, tingnan ang mga mensahe mula sa FEMA, baguhin ang iyong personal na impormasyon at i-upload ang mga dokumento na maaaring kailanganin upang malaman ang pagiging karapatdapat mo para sa tulong.

Kung hindi mo ma-upload ang iyong mga dokumento, ipadala ito sa koreo sa FEMA at P.O. Box 10055, Hyattsville MD 20782-8055 o i-fax ito sa 800-827-8112.

**Pangasiwaan sa Maliliit na Negosyo ng U.S. (U.S. Small Business Administration)**



Dis. 11 ang siya ring huling araw ng pag-aplay para sa isang pautang sa sakuna mula sa Pangasiwaan sa Maliliit na Negosyo ng U.S. (U.S. Small Business Administration). Ang mga paggawad mula sa FEMA ay inilalaan para mabigyan ang mga karapatdapat na mga nakaligtas ng isang daan patungo sa pagbawi. Ang pangunahing pagkukunan ng pondo sa pagbawi para sa karamihan, datapuwat, ay isang pautang mula sa Pangasiwaan sa Maliliit na Negosyo ng U.S. (U.S. Small Business Administration (SBA)), na gumagawa ng mga pautang sa sakuna sa mga indibidwal at mga negosyo na lahat ng laki.

Ang mga nakaligtas ay makakahanap pa ng higit na marami at mag-aplay para sa isang pautang sa [DisasterLoanAssistance.sba.gov/](https://www.disasterloanassistance.sba.gov/). Para sa karagdagang tulong, makipag-ugnay sa Birtuwal na Sentro ng Pag-abot sa Pautang sa Sakuna ng SBA (SBA's Virtual Disaster Loan Outreach Center (DLOC)). Ang mga kinatawan ng serbisyo sa kostumer ay magagamit upang makatulong sa mga indibidwal at mga may-ari ng negosyo, tumugon sa mga katanungan tungkol sa programa ng SBA sa pautang sa sakuna, ipaliwanag ang proseso ng aplikasyon at tulongan ang bawat isa na tapusin ang kanilang elektronikong aplikasyon sa pautang. Ang Birtuwal na DLOC ay bukas mula 5 ng umaga hanggang 5 ng hapon PST araw-araw. Tumawag sa 800-659-2955 o magpadala ng email sa [FOCWAssistance@sba.gov](mailto:FOCWAssistance@sba.gov).

Ang mga serbisyong into ay magagamit lamang para sa deklarasyon ng sakuna sa California na dulot ng mga sunog at hindi para sa tulong kaugnay ng COVID-19.

Para sa pinakahuling impormasyon tungkol sa pagbawi sa sunog, bumisita sa [www.fema.gov/disaster/4558](https://www.fema.gov/disaster/4558) at sundan ang FEMA Region 9 Twitter account sa [twitter.com/femaregion9](https://twitter.com/femaregion9).

###



**FEMA**